
4

# Music

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Di-Magkatulad na mga Musical Phrases



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_Music 4_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Di-Magkatulad na mga Musical Phrases**
**Unang Edisyon, 2020**

"Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Serena A. Bardaje
**Editor:** Jerilyn M. Torio
**Tagasuri:** Cynthia T. Montaňez
**Tagaguhit:** Emma N. Malapo
**Tagalapat:** Serena A. Bardaje, Daniel C. Tabinga, Jr.
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Gerson V. Toralde
Belen B. Pili
Randy A. Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Music

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Di-Magkatulad na mga Musical Phrases

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang Araw sa iyo!

Ang awit ay binubuo ng mga *musical phrases*. Ang *phrase* ay pangkat ng mga himig (*melody*) at ritmo *(rhythm*) na nagpapahayag ng kaisipang musikal.

Sa musika, ang pagsasama-sama ng mga nota (*note*) at pahinga (*rest*) ay humahantong sa pagbuo ng mga *melodic* at *rhythmic phrase* na nagiging malaking bahagi ng isang likhang pangmusika o piyesang musikal.

Sa modyul na ito, malalaman mo ang iba't ibang ayos ng *musical phrase*.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang *musical phrase* o pariralang musikal.
2. Natutukoy ang magkatulad *(similar phrase)* at di-magkatulad *(contrasting phrase)* na mga *musical phrases* ng isang awitin at tugtugin.
   a. Melodic
   b. Rhythmic

## *Subukin*

**Gawain 1**

Awitin ang buong himig ng kantang "Leron, Leron Sinta" nang tuloy-tuloy at walang hingahan mula sa simula hanggang sa huli.

Leron, leron sinta buko ng papaya
Dala-dala'y buslo, sisidlan ng bunga
Pagdating sa dulo'y nabali ang sanga
Kapos kapalaran, humanap ng iba.

a. Ano ang naramdaman at napansin mo sa iyong pag-awit?
b. Ano ang naiisip mong gawin habang isinasagawa ang pag-awit?

**Gawain 2**

Ulitin mong muli ang pag-awit at itaas ang kamay sa bahaging dapat kang huminga, o bahaging nagsasaad ng katapusan ng isang kaisipang musikal.

a. Ihambing ang iyong naging obserbasyon sa paraan ng iyong pag-awit sa una at pangalawang pagkakataon?
b. Sa pangalawang pag-awit, naramdaman mo bang ika'y huminga? Saang parte ng awitin ito? Ilahad ang iyong naging obserbasyon.

Magkaroon ng isang video compilation ng Gawain 1 at 2 at ipadala ang mga videos sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.

# Aralin 1

# Magkatulad at Di-Magkatulad na mga Musical Phrases

## *Balikan*

Awitin ang kantang “An Sakong Abaniko”. Pansinin ang pagkakaayos ng mga notes (nota). Balikan ang mga direksyon ng mga himig na tinalakay sa nakaraang aralin.

Pakinggan ang awitin sa link na ito:

*https://www.youtube.com/watch?v=gL1oQ77Usjo*




***Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro, p. 20***


a. Ilang measure mayroon ang awiting “An Sakong Abaniko”?
b. Ilahad ang daloy o direksyon ng himig ng bawat *measure* ng mga hinihinging bahagi ng awitin.

1. 2nd measure? ________________
2. 3rd measure ? ________________
3. 6th na measure? ________________
4. 9th measure? ________________
5. 7th measure? ________________

## *Tuklasin*


A.

1. Awitin mo ang awiting “Paper Boat”
   Sundan ang tono ng awiting “Paper Boat” na matatagpuan sa link na ito,
   *https://www.youtube.com./watch?v=OD2f3s9jh_Q*





***Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro***

2. Sa pangalawang pag-awit, itaas ang kamay at iguhit sa hangin ang himig gamit ang pakurbang linya.



3. Uliting muli sa pangatlong pagkakataon ang pag-awit ng naibigay na awitin.Habang umaawit, ilakad mo ang bawat parirala ng kanta. Lumakad ka ng isang direksyon sa unang parirala at umikot sa ibang direksyon sa susunod na parirala.



**Mahalagang Gawain:**

Magkaroon ng isang video compilation ng Gawain 1, 2 at 3, at ipadala ang mga videos sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.

Ano ang iyong napansin habang ikaw ay umaawit sa una, ikalawa at ikatlong pagkakataon ng naibigay na awitin? Ikaw ba ay tumigil sa katapusan ng bawat himig? Ilan ang nagawa mong pag-ikot sa ibang direksyon?

Isulat mo ang obserbasyon sa iyong sagutang papel.

B.

Tandaan:

Tulad ng pagsasalita, ang paglalahad sa musika ay may pagtigil sa katapusan ng bawat himig. Ang pagtigil na ito ay tinatawag na *phrasing* na siyang nagtatakda ng simula at katapusan ng bawat bahagi.

Mahalaga ang *phrasing* dahil ito ang nagbibigay hudyat sa igting at daloy ng mga tono. Maliban dito, ito ay nag-uugnay sa iba’t ibang bahagi ng komposisyon upang makabuo ng isang kaaya-ayang ideyang musikal.

Ang simbolong ginagamit upang ipahiwatig ang phrasing ay ang kurbadong guhit o .

*Ang Melodic phrase* ay tawag sa pangkat ng mga tono o himig na bahagi ng isang awit. Samantalang ang *Rhythmic phrase* naman ang tawag sa pangkat ng mga *note* (nota) at *rest* (pahinga) na nababatay sa palakumpasan sa isang bahagi ng awit o komposisyon.

Pariralang magkatulad *(similar phrase)* kung ito'y binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng *melodic phrase* at *rhythmic phrase* sa mas mataas o mababang tono.

Pariralang di-magkatulad *(contrasting phrase)* kung ito'y binubuo ng magkaibang *melodic phrase* o sumasalungat sa daloy ng himig.

Gawain:

Pag-aralan ang piyesa ng awiting "Atin Cu Pung Singsing". Pakinggan ang tono ng awit sa link na ito:

*https://www.youtube.com./watch?v=gVZgJGC8u2k&list=RDgVZgJGC8u2k&start_radio=1&t=0*

Tukuyin ang musical phrase na magkatulad *(similar phrase)* at di magkatulad *(contrasting phrase)*

**Atin Cu Pung Singsing**

*Folksong from Pampanga*




***Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro P. 101***

Sagutin/Gawin ang mga sumusunod sa inyong sagutang papel:

1. Ilang *musical phrase* ang matatagpuan sa awitin?
2. Tukuyin mo ang magkatulad na *melodic phrase* sa awiting Atin Cu Pung Singsing? Iguhit ito sa iyong sagutang papel
3. Kailan mo masasabi na ang dalawang musical phrase ay magkatulad?
4. Alin namang bahagi ng awiting Atin Cu Pung Singsing ang di-magkatulad ang melodic phrase? Iguhit mo ang notasyon at mga titik nito sa sagutang papel.
5. Ilarawan ang di-magkatulad na *musical phrase* ng awitin. Maaaring gumamit ng ibang halimbawa.



## Suriin

Pag-aralan ang *musical phrases* sa awiting Ugoy ng Duyan. Kopyahin sa sagutang papel ang mga notasyon at titik ng mga *musical phrases* na:

a. magkatulad *(similar phrase)*
b. di-magkatulad *(contrasting phrase).*

### Ugoy ng Duyan




***Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral, P. 73***

## Pagyamanin

Ang *musical phrase* ng isang awit ay binubuo ng melodiya at ritmo. Ang pagkakaayos ng mga ritmo at *melodic phrase* ay nakatutulong sa pagbibigay ganda at kahulugan ng isang likhang awit o komposisyon.

Punan ng wastong sagot ang bawat patlang. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang ________________ ay binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit. Ang mga ritmo at *melodic phrase* ay inuulit sa mas mababa o mas mataas na tono.
2. Ang ___________ ay binubuo ng magkaibang ritmo at *melodic phrase*. Ang himig at ritmo ay naiiba sa mga naunang *phrase* o sumasalungat sa daloy ng himig.
3. Ang ____________ ay parehong-pareho ang daloy at galaw ng ritmo at himig ng *musical phrase*.

## Isaisip

Anu-ano ang mahalagang natutunan mo sa aralin? Sa paanong paraan mo maihahalintulad ang aralin sa iyong pang-araw-araw na gawain o sitwasyon sa buhay?

Pag-aralang mabuti ang mga sumusunod.

1. Ang isang awit ay binubuo ng mga *musical phrase*.
2. Ang mga musical phrase ay maaaring magkatulad *(similar phrase)*, o di magkatulad*(contrasting phrase)* .
3. Ang musical phrase ay magkatulad kung parehong-pareho ang daloy at galaw ng ritmo at himig at di-magkatulad kung magkaiba ang galaw ng ritmo ng bawat himig.

## *Isagawa*

Suriin ang iskor (pyesa) ng awiting "Masaya Kung Sama-sama". Pansinin ang linyang pakurba ⁀ na sumisimbolo ng *musical phrase* ng awit.

Gamitin ang link na ito:

*https://www.youtube.com./watch?v=GyknU6l7EV0* upang matutunan ang wastong tono ng awiting "Masaya Kung Sama-sama".




***Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro***


1. Ilang musical phrase mayroon ang awiting "Masaya Kung Sama-Sama"?
2. Paghambingin mo ang mga sumusunod na musical phrase sa awiting "Masaya Kung Sama-sama".

   1 at 2      2 at 3
   
   1 at 3      2 at 4
3. Isulat ang naging paghahambing at obserbasyon sa mga nabanggit na parirala sa inyong sagutang papel.

## *Tayahin*

1. Awitin ang Leron Leron Sinta at bilangin ang *musical phrase* ng awit. Ilang *phrase* ang iyong napansin sa awitin? Isulat ang nabilang na *musical phrase* sa iyong sagutang papel.

2. Kopyahin ang pakurbang guhit sa iyong papel. Isulat ang mga titik ng awiting Leron leron Sinta na bumubuo sa mga sumusunod na pariralang himig katulad ng nasa A.




## *Karagdagang Gawain*

Suriin at ilahad kung ilan ang parirala ng mga sumusunod na awitin?

Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Happy Birthday ______
2. Ako ay May Lobo ______
3. Are you sleeping? ______
4. Paper Boats ______
5. Sitsiritsit ______

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Gawain 1:

a. Kinakapos ng paghinga dahilan sa walang hintong pag-awit
b. Huminga

Gawain 2

a. Maayos na ang pag-awit
b. Apat na beses

**Balikan**

a. 16
b. 2nd measure - pataas na palaktaw
c. 3rd measure – pataas na pahakbang
d. 6th measure - pataas na palaktaw
e. 9th measure – inuulit

**Tuklasin**

A.

1. apat na beses umikot sa ibang direksyon

B.


1. Magkahawig
2. di-magkatulad
3. di-magkatulad
4. di-magkaatulad

Atin Cu Pung Singsing


1. apat
2. una at ikalawa
3. magkahawig ang melody o rhythm nito
4. una at ikatlo, ikalawa at ikatlo,ikatlo at ikaapat
5. Ang himig at rhythm ay naiiba sa mga naunang phrase sumsalungat sa daloy ng himig

**Suriin**

a. Magkatulad




b. Di-magkatulad




**Pagyamanin**

1. magkatulad
2. di-magkatulad
3. magkatulad

**Isagawa**

1. May apat (4) na parirala ang awit na Masaya Kung sama-sama
2. parirala 1 at 2 - magkahawig
   parirala 2 at 3 - di-magkatulad
   parirala 1 at 3 - di-magkatulad
   parirala 2 at 4 - magkatulad

**Tayahin**

1. 4 na parirala
2. A. Leron, leron sinta, bunga ng papaya
   B. Dala-dala'y buslo, sisidlan ng bunga
   C. Pagdating sa dulo, nabali ang sanga
   D. Kapos kapalaran, humanap ng iba

**Karagdagang Gawain**

1. dalawa
2. apat
3. dalawa
4. apat
5. dalawa

# Sanggunian


## Aklat:

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc. 2015

## Electronic Resources:

google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oq=kinds+of+note+clipart+png&aqs=chrome..69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph